

**Distrito ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng Channel Islands
Beach Patakarang sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan
dahil sa Hindi Pagbabayad Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa Pebrero
1, 2020**

Sanggunian:

Panukalang-Batas ng Senado Blg. 998: Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan

Layunin/Impormasyon ukol sa Pinagmulan

Binabanggit ng patakarang ito ang mga pang-administratibong pagkilos ng Distrito ng Serbisyo sa Komunidad ng Channel Islands Beach para sa pagkolekta ng mga delingkuwenteng account, kasama ang pagbibigay ng abiso, pagtatalaga ng mga kabayaran at pagputol ng serbisyo. Gagawing handa ang patakarang ito sa publiko sa website ng Distrito. Maaaring makipag-ugnayan sa Distrito sa pamamagitan ng pagtawag sa (805) 985-6021 para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

1. Delingkuwenteng Account:

- 1.1. Magmula rito, ang mga delingkuwenteng account ay tinutukoy bilang alinmang account na nananatiling hindi bayad (at na hindi nakagawa ng mga kasunduan sa pagbabayad o nakataguyod ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad) sa pagtatapos ng araw ng negosyo 21 araw pagkatapos ilabas ang bill sa tubig. Nalalapat ang mga sumusunod na tuntunin sa pagkolekta ng mga delingkuwenteng account:

1.1.1. Mga Account na May Maliit na Balanse

Maaaring ilipat ang alinmang balanse sa bill na \$15 o mas mababa pa, at idagdag sa susunod na panahon ng pagsingil nang hindi kinakailanganang patawan ng singil sa pagiging huli o ng higit pang pagkilos para sa pagkolekta. Hindi ituturing na "delingkuwente" ang isang account kapag nabigong magbayad ng \$15 o mas mababa pa.

1.1.2. Mga Singil sa Pagiging Huli

Kung ang kabayaran sa isang bill na higit sa \$15 ay hindi natanggap sa pagtatapos ng araw ng negosyo sa ika-21 araw pagkatapos ilabas ang bill, magpapataw ng singil sa pagiging huli na 10% ng halagang lagpas sa takdang petsa sa account ng customer. Ilalagay ang takdang petsa at ang singil sa pagiging huli sa paraang madaling makita sa susunod na bill sa serbisyo at makikita rin ito sa Abiso sa Pagiging Huli (Late Notice).

1.1.3. Pagtanggap ng Mga Singil sa Pagiging Huli

Sa kahilingan ng customer, maaaring tanggalin ng distrito ang singil sa pagiging huli kung mayroong mga makatuwirang sitwasyon at hindi napatawan ang customer ng singil sa pagiging huli para sa delingkuwenteng kabayaran sa nakaraang 12 buwan. Magtatanggal lamang ang Distrito ng isang singil sa pagiging huli sa isang 12 buwan na panahon.

1.2. Abiso para sa mga Delingkuwenteng Account

1.2.1. Abiso sa Pagiging Huli para sa mga Delingkuwenteng Account

Magbibigay ang Distrito sa customer ng "Abiso sa Pagiging Huli" na nagsasabi sa customer na nananatiling lagpas sa takdang petsa ang account at itinuturing na itong delinkuwente ngayon. Ipapaalam din ng Abiso sa Pagiging Huli sa customer na nalalapit ang pagputol sa serbisyo kung mananatiling delinkuwente ang bill nang higit sa 60 araw. Magpapadala ng Abiso sa Pagiging Huli sa oras na ituring na delinkuwente ang account ng customer.

Kasama sa Abiso sa Pagiging Huli ang lahat ng sumusunod:

- Pangalan at address ng customer
- Halagang lagpas sa takdang petsa
- Petsa kung kailan kinakailangan ang kabayaran o mga kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol sa serbisyo
- Paglalarawan ng proseso para mag-apply sa isang plano ng amortisasyon o unti-unting pagbabayad
- Paglalarawan ng proseso para tutulan ang o mag-apela ng bill at halagang lagpas sa takdang petsa
- Numero ng telepono ng Distrito at isang web link sa patakaran sa pagputol ng serbisyo sa tirahan ng Distrito

1.2.2. Kapag Iba ang Pinagseserbisyuhang Address sa Billing Address ng Customer

Kung ang billing address para sa serbisyo sa tahanan ay iba sa pinagseserbisyuhang address, magpapadala rin ang Distrito ng Abiso sa Pagiging Huli sa pinagseserbisyuhang address, na nakapangalan sa "Naninirahan (Occupant)" o sa pangalan ng mga naninirahan kung alam ng Distrito.

1.2.3. Kapag Binalik sa Distrito ang Abiso sa Pagiging Huli

Walang pananagutan ang Distrito para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa telepono o email na hindi ginawang napapanahon ng customer. Kung ibinalik ang nakasulat na abiso sa pamamagitan ng sulat, gagawa ang Distrito ng pagsisikap na makatuwiran at na may mabuting layunin para abisuhan ang customer sa pamamagitan ng paglalagay ng Abiso sa Pagiging Huli sa isang lugar na madaling makita sa tinitirhang propyedad.

1.2.4. Serbisyo sa Tahanan para sa Mga Nangungupahan na may mga Delinkuwenteng Landlord

Kung ang "Naninirahan" sa pinagseserbisyuhang address ay isang nangungupahan, at ang nakatalang customer ay ang landlord ng nangungupahan, maaaring piliin ng customer na maging nakatalang customer na siyang sisingilin para sa serbisyo. Gayunpaman, **maaari lamang maging nakatalang customer ang nangungupahan kung ang account ng landlord para sa pinagseserbisyuhang address ay itinuring na delinkuwente.**

Dapat sumang-ayon ang nangungupahan sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at dapat na matugunan ang mga kinakailangan ng serbisyo. Maaaring humiling ang Distrito ng katibayan ng mabilis na pagbabayad ng upa o iba pang obligasyon sa kredito na itinuturing ng Distrito na katanggap-tanggap.

Kung maging nakatalang customer ang nangungupahan, hindi kinakailangang bayaran ng nangungupahan ang alinmang halagang nakatakandang bayaran sa account ng landlord para sa pinagseserbisyuhang address. Gayunpaman, mayroon pa ring pananagutan ang landlord para sa halagang lagpas sa takdang petsa at kailangan niyang bayaran ang halagang lagpas sa takdang petsa para magkaroon ng mabuting katayuan sa Distrito.

1.3. Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad para sa mga Delinkuwenteng Account

Ang sinumang customer na hindi makakapagbayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ay maaring humiling ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad para maiwasan ang mga singil sa pagiging huli o pagputol ng serbisyo. Isasaalang-alang ng

Distrito ang lahat ng mga sitwasyong nauugnay sa kahilingan at magpapasiya kung pahihintulutan ang kasunduan sa pagbabayad.

1.3.1. *Plano ng Amortisasyon*

Ang mga kasunduan sa pagbabayad na aabot sa susunod na panahon ng pagsingil ay itinuturing na plano sa amortisasyon, na dapat na ilagay sa kasulatan at pirmahan ng customer. Sa isang plano ng amortisasyon, unti-unting babayaran ang hindi bayad na balanse sa panahong tinukoy ng customer, na hindi lalagpas sa 12 buwan mula sa orihinal na petsa ng bill. Isasama ang mga unti-unting binayaran sa, at mapapailalim sa takdang petsa, ng regular na bill. Dapat sumunod ang customer sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon at manatiling nakakasunod sa pagbabayad ng mga naipong singil sa bawat susunod na panahon ng pagbabayad. Hindi maaaring humiling ang customer ng higit pang amortisasyon ng alinmang susunod na mga hindi bayad na singil habang binabayaran ang mga delinkuwenteng singil alinsunod sa isang plano ng amortisasyon.

1.3.2. *Mga Alternatibong Pagbabayad Kapag Nagdadala ng Malubhang Panganib sa Kalusugan at Kaligtasan ang Pagputol*

Hindi puputulin ang serbisyo sa tahanan, at mag-aalok sa customer ng kasunduan sa alternatibong pagbabayad kung ang **lahat** ng mga sumusunod na kondisyon (1,2, at 3) ay natutugunan:

1. *Sertipikasyon ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga*

Ang sertipikasyon ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga (General Practitioner, Obstetrician/Gynecologist, Pediatrician, Doktor ng Family Practice, Klinika para sa Pangunahing Pangangalaga, Ospital, o Klinika para sa Outpatient) na nagpapatibay na ang pagputol ay magbabanta sa buhay o magdadala ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng sinumang residente ng tirahan kung saan nagkaloob ng tubig ay mag-oobliga sa Distrito na pumasok sa isang plano ng unti-unting muling pagbabayad.

2. *Katibayan na Walang Kakayahang Magbayad ang Customer*

Ipinapakita ng customer na siya ay walang pinansiyal na kakayahang magbayad para sa serbisyo sa tahanan sa loob ng normal na siklo ng pagbabayad. Itinuturing na walang kakayang magbayad sa serbisyo ang customer kung:

- a. Ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay tagatanggap ng:
 - CalWORKS
 - CalFresh
 - Pangkalahatang tulong
 - Medi-Cal
 - Programa sa Karagdagang Kitang Panseguridad/Karagdagang Kabayaran ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program)
 - Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata sa California (California Special Supplemental Nutrition Program for Woman, Infants and Children);

Q

- b. Idinedeklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan

3. Sumasang-ayon ang Customer na Pumasok sa Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad

Dapat na sumasang-ayon ang customer na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano para sa ipinagpaliban o binawasang kabayaran.

1.3.3. *Hindi Pagganap sa Mga Kasunduan sa Alternatibong Pagbabayad*

Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin ng alternatibong pagbabayad o plano sa amortisasyon sa loob ng siklo ng pagsingil ay magdudulot ng pagturing sa account bilang delingkuwente at magresulta sa paglalabas ng Abiso sa Pagiging Huli, alinsunod sa Talata 1.2.

Ang kabiguang sumunod sa mga tuntunin ng alternatibong pagbabayad o plano sa amortisasyon sa higit sa 60 araw ay magresulta sa paglalagay ng Abisong Nakasabit sa Pintuan (Door Hanger Notice), alinsunod sa Talata 2.1, na nag-aabisyo sa customer tungkol sa nalalapit na pagputol ng serbisyo.

2. Pagputol ng Serbisyo dahil sa Hindi Pagbabayad

2.1. Nakasulat na Abiso ng Pagputol ng Serbisyo

Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad hanggang ang kabayaran ng customer ay hindi pa nagiging delingkuwente nang higit sa 60 araw. Makikipag-ugnayan ang Distrito sa customer sa pamamagitan ng sulat, sa pamamagitan ng tag na nasabit sa pinto ("Abisong Nakasabit sa Pintuan") nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad.

2.1.1. *Singil sa Abisong Nakasabit sa Pintuan*

Kapag nagpadala ng Abisong Nakasabit sa Pintuan, ilalapat ang karagdagang \$15,00 na singil sa balanse ng account ng customer. Dapat bayaran ang lahat ng nalalapat na singil para maiwasan ang pagputol ng serbisyo at/o ibalik ang mga serbisyong iyon kung pinutol ang mga iyon.

2.2. Takdang Petsa ng Pagputol

Dapat matanggap ng Distrito ang lahat ng mga kabayaran sa delingkuwenteng serbisyo sa tubig at nauugnay na singil bago sumapit ang 4:30 p.m. sa araw na tinukoy sa Abiso sa Pagiging Huli (tingnan ang Talata 1.2).

2.3. Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad

Puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng pagsara, sa ilang mga kaso sa pamamagitan ng pag-lock, ng metro. Bago putulin ang serbisyo, aabisuhan ang customer sa pamamagitan ng Abisong Nakasabit sa Pintuan nang hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo, ayon sa nakasaad sa Seksiyon 2,1 sa Patakaran na ito.

Sa oras na putulin at itigila ng serbisyo sa customer, maglalagay ang Distrito ng "Abiso sa Muling Pagbabalik (Reestablishment Notice)" sa isang lugar na madaling nakikita sa pinagseserbisyuhang address. Ang Abiso sa Muling Pagbabalik ay magbibigay sa customer ng impormasyon tungkol sa kung paano maibabalik ang serbisyo sa tahanan.

2.4. Pag-uulat ng Mga Pagputol ng Serbisyo sa Tahanan

Iuulat ng Distrito ang bilang ng mga taunang pagputol ng serbisyo sa tahanan dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa website ng Distrito, alinsunod sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan (Health & Safety Code) 116918.

3. Muling Pagbabalik ng Serbisyo

Para maibalik o maipagpatuloy ang serbisyong naputol dahil sa hindi pagbabayad, dapat magbayad ang customer ng kabayaran sa muling pagbabalik. Sisikapin ng Distrito na muling ikonekta ang serbisyo sa

pinakamaagang makatuwiran na panahon, ngunit, sa pinakamababa, ay maibabalik ang serbisyo bago ang pagtatapos ng susunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos bayaran ang alinmang halagang lagpas sa takdang petsa at mga kabayaran sa pagiging delinkuwerte na nauugnay sa pagputol ng serbisyo. Ang serbisyo sa tubig na binuksan ng sinumang tao na hindi tauhan ng Distrito nang walang pahintulot ng Distrito ay maaaring maipailalim sa mga multa o karagdagang singil o kabayaran. Ang alinmang pinsalang maidudulot bilang resulta ng hindi awtorisadong pagbalik ng serbisyo ay pananagutan ng customer.

3.1. Muling Pagbabalik ng Serbisyo sa Mga Oras ng Negosyo

Kung naputol ang serbisyo sa tubig ng Distrito, dapat bayaran ang karagdagang kabayaran sa muling pagbabalik ng serbisyo na \$50.00 at ang lahat ng hindi pa nababayang balanse bago ibalik ang serbisyo.

3.2. Muling Pagbabalik ng Serbisyo Pagkatapos ng Mga Oras ng Negosyo

Sisingilin ng kabayaran sa muling pagbabalik ng serbisyo pagkatapos ng mga oras ng negosyo para sa serbisyong ibabalik pagkalipas ng 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes, tuwing Sabado at Linggo, o mga holiday. Hindi ibabalik ang serbisyo pagkatapos ng mga karaniwang oras ng negosyo maliban kung ipinaalam sa customer ang kabayaran sa muling pagbabalik ng serbisyo pagkatapos ng mga oras ng negosyo at pumirma ang customer ng kasunduang kumikilala sa kabayaran at sumang-ayon siyang makipag-ugnayan sa tanggapan ng Distrito nang hindi lalagpas sa tanghali sa susunod na araw ng negosyo para bayaran ang nalalapat na kabayaran. Kung hihiling ang customer ng muling pagbabalik ng serbisyo sa tubig sa labas ng mga regular na oras ng negosyo, ang kabayaran para ibalik ang serbisyo ay \$105.00, sa halip ng kabayaran na \$50.00 na nakalista sa itaas, dagdag ang iba pang hindi nababayang balanse sa account.

4. Mga Talbog na Tseke

4.1. Abiso sa Disposisyon ng Talbog na Tseke

Pagkatanggap ng isang talbog na tseke na natanggap bilang kabayaran sa isang delinkuwenteng account, ituturing ng Distrito na hindi bayad ang account at mananatiling delinkuwerte ang account. Gagawa ang Distrito ng pagsisikap na katuwiran at na may mabuting layunin para abisuhan ang customer sa pamamagitan ng tawag o email tungkol sa talbog na tseke.

Kung higit sa 60 araw na delinkuwerte ang account sa panahong natanggap ng Distrito ang talbog na tseke, maglalagay ng Abisong Nakasabit sa Pintuan sa pinagserserbisyuhang address na ang-aabiso sa customer na puputulin ang serbisyo sa loob ng pitong (7) araw ng negosyo.

Puputulin ang serbisyo sa tubig kung ang halaga ng talbog na tseke at ang singil sa talbog na tseke ay hindi nabayaran sa o bago ang petsang tinukoy sa Abisong Nakasabit sa Pintuan.

4.2. Mga Talbog na Tseke para sa Dating Pinutol na Serbisyo

Sa pangyayaring nagbigay ang customer ng talbog na tseke bilang kabayaran sa pagbalik ng serbisyo sa tubig na dating pinutol dahil sa hindi pagbabayad at ibinalik ng Distrito ang serbisyo, maaaring agad na putulin ng Distrito ang serbisyo nang hindi nagbibigay ng higit pang abiso. Walang ibibigay na 48 oras na abiso ng pagputol sa sitwasyong ang talbog na tseke na ipinangbayad para sa mga singil sa tubig na nagdulot ng pagputol.

Ang sinumang customer na nagbigay ng talbog na tseke bilang kabayaran para ibalik ang serbisyong pinutol dahil sa hindi pagbabayad ay kailanganag magbayad ng cash, money

order, o cashier's check para ibalik ang mga pagdiskonekta sa serbisyo sa hinaharap para sa panahon na 12 buwan mula sa petsa ng ibinalik na kabayaran.

4.3. Maramihang Talbog na Tseke

Pagkatapos ng tatlong talbog na tseks sa isang account ng customer, lahat ng halagang babayaran ay dapat na money order, cashier's check, o cash.

5. Mga Pagtutol at Apela

Kung nais ng isang customer na tutulan ang isang singil sa bill, may karapatan ang customer na mag-apela ayon sa sumusunod:

5.1. Apela sa Tagapamahala ng Tanggapan

Ang apela ay dapat na nakasulat, malinaw, at matanggap ng Tagapamahala ng Tanggapan sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan inilabas sa customer ang bill na nais iapela ng customer.

Dapat na kasama sa apela ang:

- a. Batayan para sa apela; at
- b. Katibayang sumsuporta sa batayan para sa apela; at,
- c. Isang mungkahi para sa resolusyon ng tinututulan, kung mayroon.

Pagkatanggap nito, aabisuhan ng Tagapamahala ng Tanggapan ang customer ukol sa kumpirmasyon ng pagtanggap ng apela at, sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo, ibibigay ng Tagapamahala ng Tanggapan sa customer ang hiwalay na pagpapasiya ukol sa tinututulang bill, na ibibigay sa customer sa pamamagitan ng sulat.

5.2. Apela sa Pasiya ng Tagapamahala ng Tanggapan

Maaaring iapela ang pasiya ng Tagapamahala ng Tanggapan sa Pangkalahatang Tagapamahala sa loob ng labinlimang (15) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pagpapadala ng pasiya ng Tagapamahala ng Tanggapan. Didinggin at isasaalang-alang ng Pangkalahatang Tagapamahala ang apela sa pasiya ng Tagapamahala ng Tanggapan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng Pangkalahatang Tagapamahala ng apela, ngunit hindi kinakailangang ang pampublikong pagdinig. Magbibigay ang Pangkalahatang Tagapamahala sa aplikante ng abiso ukol sa oras at lugar ng pagdinig ng apela. Ayon sa pagpapasiya ng Pangkalahatang Tagapamahala, maaari niyang ipagtibay, bawiin, o baguhin ang pasiya nang naayon. Magiging pinal ang pasiya ng Pangkalahatang Tagapamahala.

5.3. Mga Nakabinbing Apela

Hindi maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tahanan ng customer habang mayroong nakabinbing apela ang customer.